# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Paggamit ng Angkop na Pantukoy

Kakayahan: Nagagamit ang angkop na pantukoy upang mabuo ang pangungusap

Isulat sa patlang ang pantukoy na bubuo sa pangungusap. Gamitin ang pantukoy na **ang** o **ang mga**.

1. ______________ kulay sa ating watawat ay asul, pula, dilaw, at puti.
2. ______________ pangulo ng Pilipinas ay inihahalal ng mga mamamayang Pilipino.
3. Inilipad ng malakas na hangin ______________ tuyong dahon sa lupa.
4. Huwag mong kalimutang isuot ______________ I.D. mo.
5. Handa na bang makinig ______________ mag-aaral ni Bb. dela Peña sa ikatlong baitang?
6. ______________ "Lupang Hinirang" ay sabay-sabay na inaawit ng mga estudyante.
7. Hinahabol ng asong kalye ______________ itim na pusa.
8. Nakapila na ______________ mamimili sa labas ng tindahan.
9. Ano ______________ paksa ng sanaysay na isinusulat mo?
10. ______________ pamilya ni Rene ay magbabakasyon sa Palawan.
11. May butas ______________ unahang gulong ng bisikleta mo.
12. Sina Michael, Sarah, at Jonas ______________ anak nina G. at Gng. Villamor.
13. Nakita mo ba ______________ listahan ng mga bagong nars?
14. Isa-isang ipinaliwanag ng punong guro ______________ tuntunin ng paaralan.
15. Ibibigay ni Lorena ______________ lumang damit at kumot sa mga napinsala ng bagyo.

© 2014 Pia Noche

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Paggamit ng Angkop na Pantukoy (Mga Sagot)

Kakayahan: Nagagamit ang angkop na pantukoy upang mabuo ang pangungusap

Isulat sa patlang ang pantukoy na bubuo sa pangungusap. Gamitin ang pantukoy na **ang** o **ang mga**.

1. Ang mga kulay sa ating watawat ay asul, pula, dilaw, at puti.
2. Ang pangulo ng Pilipinas ay inihahalal ng mga mamamayang Pilipino.
3. Inilipad ng malakas na hangin ang mga tuyong dahon sa lupa.
4. Huwag mong kalimutang isuot ang I.D. mo.
5. Handa na bang makinig ang mga mag-aaral ni Bb. dela Peña sa ikatlong baitang?
6. Ang "Lupang Hinirang" ay sabay-sabay na inaawit ng mga estudyante.
7. Hinahabol ng asong kalye ang itim na pusa.
8. Nakapila na ang mga mamimili sa labas ng tindahan.
9. Ano ang paksa ng sanaysay na isinusulat mo?
10. Ang pamilya ni Rene ay magbabakasyon sa Palawan.
11. May butas ang unahang gulong ng bisikleta mo.
12. Sina Michael, Sarah, at Jonas ang mga anak nina G. at Gng. Villamor.
13. Nakita mo ba ang listahan ng mga bagong nars?
14. Isa-isang ipinaliwanag ng punong guro ang mga tuntunin ng paaralan.
15. Ibibigay ni Lorena ang mga lumang damit at kumot sa mga napinsala ng bagyo.

© 2014 Pia Noche 